

1

The offer was tempting. Green meadows. Overlooking panoramic view of the city and the pristine white sands. Blue waters and a spectacular view of the majestic *Mayon Volcano* in the background.

Ito ang pangarap ni Andoy simula pa pagkabata. Ang pamosong burol sa *Embarcadero Bay* ng Legazpi City.

It's worth ten million pesos and up for sale. Nagmamadali ang may-ari dahil gipit at kailangan ng pera sa lalong madaling panahon.

Murang-mura kung tutuusin.

Kaibigan ni Andoy si Lemuel Toledo, ang may-ari ng burol at nagpapatulong sa kanya na mai-dispose iyon sa lalong madaling panahon. Pati nga siya ay kinukulit na bilhin na lang iyon. Natalo sa pustahan sa casino si Lemuel at ginawang collateral ang property.

Matagal na niyang pinapayuhan ang kaibigan na tigilan na ang pagsusugal, pero ayaw nitong makinig sa kanya. Palibhasa anak-mayaman at sunod lahat ng layaw sa katawan, kaya walang pakialam kung gumastos.

Kaso naubos na ang resources nito. Wala na ring kamag-anak na malapitan at mahingan ng perang pangtustos sa layaw. Kaya

ngayon ay lumapit na ito sa kanya upang humingi ng tulong.

And Andoy was tempted to buy it there and then.

Kaso may problema... saan siya mamumulot ng sampung milyong piso?

Pangmatrikula nga ni Pinang, ang bunso niyang kapatid na graduating student na sa *Ateneo De Manila University*, ay ipinangutang pa niya. Eighty thousand din kaya iyon at para sa isang semestre lang.

Dating consistent scholar ang kapatid niya sa universidad kaso minalas sa huling semester kung kailan ga-graduate na ito.

Brokenhearted ang gaga. Iniwan ng boyfriend at nawindang. Hindi makapag-concentrate sa klase kaya nag-dive ang mga grades.

Ang tanging konsolasyon na lang ni Andoy ay masosolo na rin niya sa wakas ang kinikita niya bilang ahente ng insurance, lupa at kung anu-ano pa sa oras na makatapos si Pinang. Iniisip na lang niya na kapag nakapagtrabaho naman ito ay magiging maalwan na ang buhay nila, lalo na ng kapatid na kasalukuyang nakapirmi sa Maynila.

Sinabi ni Pinang na tutulungan din siya nitong magbayad ng utang sa oras na makapagtrabaho ito, kaya okay na iyon sa kanya.

Ulilang lubos na silang magkapatid. Namatay sa sakit sa puso ang tatay niya, grade four pa lang siya at limang taon naman

si Pinang. Namana raw ng tatay nila ang sakit sa Lola Candida nila na iyon din ang ikinamatay. Ang nanay naman niya wala pang isang taong pumanaw. Na-dengue at hindi agad naagapan sa ospital ang sakit.

Pero itong property ni Lemuel... hinayang na hinayang talaga siya. Pero anumang gawin ni Andoy, hindi uubra ang powers niya. Ang tanging magagawa na lang niya ay iahente iyon sa mga kakilala.

Prime lot ang burol na iyon, hindi mahihirapan si Andoy na i-dispose iyon. Lalo pa at napakamura ng halaga. Pakikiusapan na lang niya ang kaibigan na magdadagdag siya ng mark-up para kumita rin siya nang malaki-laki kahit papaano.

Pero kung suwertihin siya sa bola sa lotto, bibilhin niya kaagad ang burol na iyon. I-ca-cash niya at hindi na siya hihingi ng discount.

Tamang-tama, katabi niyon ang sikat na *Sleeping Lion*, ang mala-higanteng hugis-leon na burol na animo nakadapa at nakatanaw sa karagatan.

Isa iyon sa magagandang attraction ng Legazpi City. Hindi lang dahil sa kakatwang hugis ng burol kundi dahil na rin sa dramatic na pagkatayo ng mansion sa tuktok niyon.

Pag-aari ng pumanaw na si Don Alberto Mesa ang burol at hindi lingid sa lahat na roon sa mansion nanirahan ang matandang milyonaryo nang nabubuhay pa.

Isang buwan na ang nakalipas mula nang pumanaw ito sanhi ng katandaan. Maugong ang balita na si Tara Mesa, isa sa anim na apo ni Don Alberto, ang pinamanahan ng burol at mansion. Matagal na itong naninirahan sa Maynila.

Kilala ang mga Mesa sa buong Legazpi, pero mailap ang mga ito sa mga taong kagaya ni Andoy. Siyempre, hindi sila magkaka-level sa buhay kaya hindi niya kaibigan ang mga iyon. Langit at lupa kumbaga ang agwat nila sa buhay.

Pero kapag napasakanya na ang burol ay magkaka-level na sila. Gagawin niyang resort ang burol upang may pagkakakitaan siya. He's hoping to bank on the popularity of the *Sleeping Lion*.

“O, ano, Pare? Balitaan mo na lang ako, okay?” Tinapik ni Lemuel ang balikat ni Andoy. “Sana may good news ka na mamaya. Gipit talaga ako, eh.”

“Don't worry, Pare. Tatawagan kita agad kapag may naka-deal ako.”

“S'abi ko na sa iyo, ikaw na lang ang bumili.”

“Pare,” nakamot ni Andoy ang batok, “give me time. Mahirap magbilang ng barya mula sa alkansya.”

Humalakhak si Lemuel at saka tumayo. “Siya, mauna na ako. Ikaw na lang magbayad ng kinain natin.”

“Sure, no problem.”

Isinusumpa ni Andoy, kung may paraan man para mabili niya ang pag-aari ng kaibigan ay hindi niya tatanggihan ang anumang grasyang mahuhulog sa paanan niya.

“Tara, may sulat ka!” tili ni Pauline mula sa sala.

Kararating lang nito galing sa labas at dinig na dinig niya ang kalabog ng pinto mula sa kusina kung saan nandoon siya at iniinit ang tatlong pirasong leftover pizza slices sa microwave oven.

Balak niya sanang magluto ng ulam kaso halos maduling na siya sa gutom.

Kanina pang tanghalian walang laman ang tiyan niya kundi pulos kape. Tambak kasi ang trabaho niya sa opisina at wala siyang panahong kumuha ng break.

Namamasukan si Tara bilang sekretarya sa isang computer company na pagmamay-ari ng isang Indian national. Magwawalong taon na siya roon.

Mabait naman ang amo niyang foreigner. Okay ang pasahod at may mga benefits din siyang natatanggap.

Kaso parang nagsasawa na siya na hindi niya maintindihan. Siguro dahil ang uri ng trabaho niya ang walang kapag-a-pag-asang may makukuhang promotion balang araw.

Secretary na siya sa unang araw pa lang na pagpasok niya, hanggang ngayon ay ganoon pa rin. Nabobore na siya. Wala man lang kasing ka-challenge-challenge ang trabaho.

Gusto niyang mag-apply sa marketing department para maiba ang mundong ginagalawan niya. Pero ayaw siyang payagan. Wala raw makakagawa ng trabahong iiwan niya.

Tulad ngayong araw...

May meeting ang boss niya kanina at isinama pa siya. Akala niya ay pakakainin siya pagkatapos. Mali pala siya dahil hinatid lang siya sa pinakamalapit na MRT at iniwan na. May pupuntahan pa raw ito.

Kung alam lang ng dalaga na ganoon ang mangyayari ay dinala na sana niya ang sariling sasakyan papuntang meeting. Nag-convoy na lang sana sila ng amo niya. Hindi iyong bumalik pa siya ng opisina para kunin ang sasakyan.

“Anong sulat?” tanong ni Tara nang sumungaw ang ulo ni Pauline sa pintuan ng kusina.

Boardmate niya ito sa condo unit na kinuha niya at nagtatrabaho bilang call center agent. Panggabi ang duty nito kaya nagtaka siya na nasa bahay pa ito sa oras na iyon. Tiningnan niya ang wall clock; ten-thirty ng gabi.

“Wala ka bang pasok?” Nagpunas siya ng kamay at tinungo ang mesa kung saan inilapag ng kaibigan ang dalang sulat para

sa kanya.

“Off ko ngayon. Pero may date ako. Naghatid lang ako ng maruming labahan sa ibaba kaya lumabas ako. Binigay ng sekyu ang sulat sa akin. Kanina pa raw iyan nakalimutang ibigay sa iyo pagdating mo.” Naglakad na palabas ng unit si Pauline.

“Anong oras ka uuwi?” habol niya rito para malaman kung ila-lock ang pinto o hindi.

“Hey, it’s weekend! Sa Lunes na ako uuwi.” At humahalakhak na iniwan na siya nito.

“Okay, ingat!” Napabuntong-hininga si Tara. Napag-iiwanan na yata siya ng panahon. Matagal na siyang walang night life.

Wala na rin siyang weekend getaway. At ang masahol pa ay mag-iisang taon na rin siyang walang love life.

For the past eight months she’d been living alone, totally forgotten how it felt to be in love and in the arms of a man. Pero nakapag-move on na siya.

Life had been okay.

But then, suddenly, hindi na okay. Bigla, feel niya mag-emote. Siguro, nainggit siya sa malanding si Pauline. Linggo-linggo yata kung magpalit ito ng lalaki.

Feeling niya ay wala nang matitira sa kanya. Pinigilan niya ang mag-panic.

She's only thirty-one, bata pa naman. Next year pa siya malalaglag sa kalendaryo. May sampung buwan pang nalalabi para mangyari iyon. At malaki pa rin ang tsansa na makabingwit siya ng papa.

Kaso ang tanong, paano siya magkakaroon ng papa kung wala nang nanliligaw sa kanya?

Nasaan na ba kasi ang mga iyon?

Napakamot tuloy siya sa ulo.

Hindi na napansin ni Tara ang pagdaan ng panahon. Napaka-boring na pala ng buhay niya kaya siguro iniwan siya ni Lino, ang ex niyang seaman at ipinagpalit siya sa babaeng nakilala sa Australia pagdaong doon ng barkong sinasakyan.

Limang taon din silang naging couple ni Lino. Dalawang beses lang sa bawat taon kung magkita sila at mahaba na ang limang araw na magkapiling.

Sa una ay smooth-sailing pa ang pagsasama nila. Pero nang lumaon ay hindi na. Wala naman silang pinag-awayan basta hindi na kasing-init tulad ng dati ang nararamdaman nila sa bawat isa sa tuwing magkasama silang dalawa.

Hindi alam ni Tara kung sino ang unang nagsawa. Natagpuan na lang niya na dumadaan ang panahon ay hindi na sila masyadong nag-uusap. Tila ba nag-drift away na lamang sila.

Hanggang sa bigla siyang tinawagan ni Lino para magpaalam.

Kailangan daw nila ng closure upang maayos ang paghihiwalay nilang dalawa. Nagpakasal na kasi ito sa Australian na nakilala.

Nalungkot siya, oo. Five years was five years. Masaya naman sila noong una. At hindi rin biro ang panahong ginugol nila para sa isa't isa.

Pero ang masaktan?

Kinapa niya ang damdamin. Hanggang ngayon ay tinatanong niya ang sarili, nasaktan nga ba siya?

Matamlay na naupo sa tapat ng mesa si Tara. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Bakit ba parang napapadalas na ma-depress siya?

Wala sa loob na kinuha niya ang sobrang nakapatong sa ibabaw ng mesa at binasa ang nakasulat doon. *Tara L. Mesa*, pangalan nga niya ang nakalagay.

Pero nagtaka siya sa pangalan ng sender. *Pateros and Associates Law Office*. At galing sa Legazpi City ang address, ang hometown niya.

Kilalang abogado sa bayan nila ang *Pateros and Associates*. Mga de-kampanilya, kumbaga. Ang senior Pateros ay kaibigan ng lolo niya noong nabubuhay pa ang huli. Sa katunayan ay abogado iyon ng Lolo Alberto niya. Si Atty. Pateros mismo ang nag-ayos ng lahat ng papeles ng ari-arian ng kanyang abuelo bago pumanaw ang matandang Mesa.

Mayaman ang angkan nila. Marami silang ari-arian. Pero lahat ng iyon ay isa-isa nang naisalin sa mga anak at apo ni Lolo Alberto.

Kahit siya ay pinamanahan din. Nakuha niya ang mismong mansion sa burol ng Legazpi City. Lahat ng kaanak ni Lolo Alberto ay interesado sa mansion na iyon. It was a family heritage. Malakastilyo ang hitsura niyon.

Pero hindi makaangal ang mga kamag-anak ni Tara nang mapunta sa kanya ang mansion. Pina-raffle kasi ni Lolo Alberto ang mga properties nito sa kanilang lahat.

Walang puwedeng umangal kung ano ang nakuha. In fairness, malalaki naman ang nakuha ng daddy niya at ang dalawang kapatid nito.

Ang bangko na may sampung sangay sa Bicol region ang nakuha ng kanyang ama. Ang Tita Merida niya ay asyenda ng fruit-bearing trees sa Camarines Sur ang nabunot. Maganda ang lokasyon at fifty hectares ang lawak. May bahagi niyon na ginawang resort.

Samantalang ang Tito Nick niya ay collection ng magagarang vintage cars ang nakuha. Beinteng sasakyan din iyon. Lahat ay nasa kondisyon.

Anim silang magpipinsan. Ang lima ay naghati-hati sa mga commercial buildings na nakatayo sa iba't ibang lugar ng Albay at mga condominium buildings sa Malate.

Kung tutuusin ay si Tara ang may pinakamaliit na nakuha, at iyon nga ang mansion. High maintenance iyon at hindi pa kumikita. Ano ang gagawin niya roon?

Maybe her dad could give her a loan. She was planning to convert the big house into a bed and breakfast hostel. Nagboom ang turismo sa Albay. Puwede niyang samantalain ang oportunidad.

Pero busy pa ang daddy niya sa paglakwatsa sa abroad kasama ang bagong chikababes. Hiwalay ang mga magulang niya dahil mahilig sa babae ang kanyang ama.

But her parents remained friends. May boyfriend na rin ang mommy niya, foreigner at may-ari ng malaking hotel sa Boracay. She had long accepted her fate, kaya sanay na siyang mag-isa at hindi umaasa sa mga magulang niya.

So, para saan ang sulat ni Atty. Pateros sa kanya? Magkahiwalay nga pero hindi naman nag-file ng annulment ang parents niya. Wala rin siyang maalalang pending na legal transactions sa abogado.